QC 'di irerekomenda sa Comelec control-NCRPO

Makaraang madakip ang apat na pangunahing suspek sa kaso ng pagpaslang kay Brgy. Bagong Silangan Chair Crisell Beltran at driver nito, inihayag naman kahapon ng pamunuan ng National Capital Region Police Office (NCRPO) na hindi nila irerekomendang isailalim sa kontrol ng Commission on Elections (Comelec) ang lungsod para sa nalalapit na 2019 midterm elections.

Ayon kay NCRPO chief Guillermo Eleazar, ang kahi-lingan ng iba na isailalim sa Comelec control ang Quezon City ay 'premature' pa.

"There is no need to put Quezon City under Comelec control," ani Eleazar. Aniya, ang ginawang pag-ambush at pagpatay kay Beltran at driver nito ay isang "isolated case" lamang.

Sinabi ni Eleazar, maglalabas lamang sila ng recommendation kung may naunang kaso ng election-related violence sa lungsod noong mga nakalipas na halalan.

"We have seen Quezon City for the longest time as very peaceful," anang NCRPO director.

Samantala, mariin namang tinutulan kamakailan ni Quezon City Acting Mayor Joy Belmonte ang rekomendasyon ng isang mambabatas na isama ang Quezon City sa listahan ng election hotspots.

Ayon kay Belmonte, masyado pa umanong maaga para maisama ang lungsod bilang election hotspot dahil patuloy pa ang imbestigasyon sa kaso.

"I don't think our city should be declared an election hotspot. I think that is premature and it will only cause panic. It will only cause our people to doubt the integrity of our local government and our police force," ani Belmonte. *(Mer Layson at Angie dela Cruz)*